

Gawing ligtas ang inyong bahay sa sunog

Sigaang Panlabas



**Mississauga Fire
& Emergency Services**



Ano ang pagsisiga sa labas, bakit importanteng maintindihan at kinakailangan ko ba ng pahintulot mula sa Lungsod para rito?

Ang madaling gamitin na gabay na ito ay makakatulong sagutin ang lahat ng inyong mga tanong at matutulungan kayo at ang inyong pamilyang maging ligtas!

Ano ang pagsisiga sa labas?

Ang sigaang panlabas ay pag-aapoy sa labas. Ang bawa't lungsod at may sariling mga patakaran at regulasyon kung paano tulungan pamahalaan ang uri ng ganitong pagsisiga. Ang pagsisiga sa labas ay may pahintulot sa Mississauga - bago kayo magsindi ng anuman, siguraduhin na sumunod sa mga patakaran nakahayag sa City of Mississauga's Open Air Burning By-Law 140-18 at alamin kung kailangan ninyong humingi ng pahintulot.

Kailangan ko ba ng pahintulot para sa mga kagamitang gamit ay gas?

Ang gamit panlabas, na alinsunod sa Technical Standards and Safety Act, 2000 at ginagamitan ng gas (tulad ng propane at natural na gas), ay hindi kinakailangan ng pahintulot na alisunod sa Ontario Fire Code, O. Reg 213/07. Ang mga naninirahan ay dapat sumunod sa mga tagubilin ng gumawa para sa pagbuo, pagkakabit-kabit at paggamit.

Paano ako makakakuha ng pahintulot?

Maaring mahirap malaman kung kailan kumuha ng pahintulot sa *Open Air Burning Permit*. Narito ang ilang makakatulong na paalala kung kailan kailangan ang pahintulot.

✔ Kailangan ng Pahintulot

Kailangan ninyo ang pahintulot sa lahat ng labas sigaan maliban sa apoy para sa pagluluto, apuyang panlabas, gamit panlabas, ihawang panlabas o pugon.



✘ Hindi kailangan ng Pahintulot

Hindi ninyo kailangan ng pahintulot sa apuyang panlabas, gamit panlabas, ihawang panlabas o pugon at apoy para sa pagluluto.



Paano ako makakakuha ng pahintulot?

Ang pahintulot para sa labas sigaan ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa Mississauga Fire Prevention office sa 905-896-5908 o sa pag-email sa fire.prevention@mississauga.ca. Mayroong bayad sa pagkuha ng pahintulot.



Pahintulot para sa pagsisiga:

Kapag nakakuha na kayo ng pahintulot, itabi ang kopya kung saan ito madaling makita. Maari kayong magsiga sa labas sa pagitan ng pagsikat at palubog ng araw (habang maliwanag pa ang araw) kung:

- hindi nakakaabala
- may babala sa usok
- ang apoy ay parating binabantayan
- may paraan kayong patayin ang apoy (tulad ng gamit na pandilig sa halaman o pamatay-apoy)
- ang apoy ay higit sa 50 metro (146 na talampakan) mula sa anumang istraktura, hangganan ng ari-arian, daan, alambreng nasa ibabaw tulad ng pangkuryente o bagay na nasusunog (tulad ng puno)
- anumang nasusunog na nasa lupa (tulad ng damo) ay dapat nasa limang metro ang layo
- hindi sa mahanging panahon (mababa sa 24 km/ora)
- mababa sa isang metrong parisukat
- hindi lalampas sa isang metrong taas

Mga kagamitang panlabas at paggamit ng apoy sa pagluluto

Ang kagamitan panlabas ay maaring gamitin o ang maliit na kalan ay maaring paganahin nang walang pahintulot, sa pagitan ng pagsikat ng araw at 11 n.g. kung:

- hindi nakakaabala
- may babala sa usok
- ang apoy ay binabantayan sa lahat ng oras at pagkatapos ay siguraduhin patayin ang apoy
- may paraang patayin ang apoy (tulad ng pamatay-apoy o ang gamit na pandilig ng halaman)
- ito ay nakapuwesto nang limang metro mula sa anumang istraktura, hangganan ng ari-arian, daan, alambreng nasa ibabaw tulad ng pangkuryente o sampayan o bagay na nasusunog (tulad ng puno)

Ang kagamitang panlabas ay dapat:

- naka puwesto sa ibabaw na hindi nasusunog (t.n. bato, kongkreto) lampas sa sukat ng kagamitan at kasing sukat ng taas ng kagamitan



Paggamit ng apoy sa pagluluto ay dapat:

- binubuo ng isang maliit na nakakulong na apoy
- ginagamit sa pagluto ng pagkain sa parilya, ihawan
- tumbasan ang uri at dami ng pagkain na niluluto
- di dapat mangyari sa mahanging panahon (higit sa 24 km/ora)

Multa at pagpapatupad

Ang himpilan ng bombero ay maaring patayin ang apoy kung:

- hindi alinsunod sa City's Open Air Burning by-law
- ay ipinalagay na abala
- ay itinalaga sa pagkasuri ng bombero na ito ay di ligtas sa panganib

Gawing ligtas ang inyong bahay sa sunog

Mga pahintulot ay maaring baliwalain ng Hepe ng Bombero kung hindi kayo sumusunod sa mga kinakailangan nito at anumang mga patakaran ng City's Open Air Burning by-law.

Kung kayo ay napatunayang lumabag sa patakarang-panloob, mamumultahan kayo hanggang sa \$5,000. Kung kayo ay napatunayang lumabag sa Ontario Fire Code sa sigaang panlabas, mamumultahan kayo hanggang \$50,000.

Mga Tanong? Makipag-ugnayan sa amin

Mga Serbisyo sa Sunog at Emerhensiya ng Mississauga (Mississauga Fire & Emergency Services)

Dibisypon sa Pagsugpo ng Sunog (Fire Prevention Division)

905-896-5908

mississauga.ca

fire.prevention@mississauga.ca



**Mississauga Fire
& Emergency Services**